

ABISO SA LAHAT NG TUMATANGGAP NG CALFRESH

MAHALAGA — PAKIBASA

Epektibo Oktubre 1, 2019, ang batas ng Estado at Pederal ay magbibigay para sa mga sumusunod:

Pinakamataas na Pamamahagi ng CalFresh: Ito ay mga halagang benepisyo na natatanggap ng inyong sambahayan kung ang inyong sambahayan ay walang kita.

LAKI NG INYONG SAMBAHAYAN								
1	2	3	4	5	6	7	8	Dagdag sa Bawat Tao
\$194	\$355	\$509	\$646	\$768	\$921	\$1018	\$1164	+\$146

- Bukod pa dito, ang pinakamataas na labis na deduksyon sa kanlungan o excess shelter deduction ay itinaas mula \$552.00 sa \$569.00.
- Ang panggastos para sa tuluyan ng walang tahanan ay tumaas mula \$143.00 sa \$152.06.
- Ang pamantayang deduksyon ay nagbago sa sumusunod:

Pamantayang Deduksyon para sa FFY 2020:

LAKI NG SAMBAHAYAN	PAMANTAYANG DEDUKSYON
1 to 3 na katao	\$167.00
4 na katao	\$178.00
5 na katao	\$209.00
6 o mahigit na katao	\$240.00

Ang Panggastos sa Karaniwan na Utilidad o Standard Utility Allowance (SUA) na \$415.00 ay tumaas sa \$432.00.

Ang Panggastos sa Limitadong Utilidad o Limited Utility Allowance (LUA) na \$130.00 ay tumaas sa \$135.00.

Ang Sustento sa Telepono na Utilidad o Telephone Utility Allowance (TUA) na \$18 ay nanatili sa antas na ito.

Kung ang SUA/LUA ay ginamit bilang bahagi ng deduksyon sa kanlungan o shelter deduction at kung walang pagbabago sa inyong CalFresh na kaso, ang inyong CalFresh na benepisyo ay maaaring magbago. Sa mga pagbabago sa inyong benepisyo sa CalFresh, ang halaga na inyong makukuha ay depende sa pagbabago sa inyong sambahayan. Itong mga pagbabagong ito ay maisasama sa anumang abiso na makukuha na nagsasabi sa inyo ng ibang mga pagbabago sa inyong benepisyo sa CalFresh.

Kung sa palagay mo kami ay nagkamali sa pag-intindi ng inyong Oktubring benepisyo sa CalFresh dahil sa bagong mga halaga sa mga pamamahagi at SUA/LUA, kayo ay maaaring humiling ng estadong pagdinig, sa loob ng 90 na araw kung kailan natanggap itong liham na ito sa pamamagitan ng kasulatan sa:

o maaari kayong tumawag sa toll free: 1-800-952-5253. Kung kayo ay bingi at gumagamit ng TDD, tumawag sa 1-800-952-8349. Kapag kayo ay humiling ng estadong pagdinig, kinakailangan niyong sabihin kung bakit kami ay nagkamali. Kayo ay maaaring magsalita para sa inyong sarili sa pagdinig o kayo ay maaaring magkaroon ng kaibigan, abogado, o ibang taong magsasalita para sa inyo, pero kinakailangan kunin ang mga taong ito para tumulong sa inyo. Kayo ay maaaring humiling ng libreng legal na tulong sa anumang opisina ng tulong legal sa inyong lugar.